Mania at Depression

Ito ang ilan sa mga sintomas ng bipolar disorder. Hindi lahat ay may pare-parehong sintomas. Lagyan ng tsek ang iyong mga sintomas. Kausapin ang iyong doktor tungkol sa iyong mga sintomas tuwing pumupunta ka sa kanya.

Bipolar-Mania (High)

- ❑ May karagdagang enerhiya
- ❑ Mas kaunti ang kinakailangang tulog
- ❑ Hindi makapag-isip tungkol sa isang bagay nang matagal
- ❑ Mas madalas nagsasalita - hindi makahintô sa pagsasalita
- ❑ Mas may kompiyansa sa sarili
- ❑ Iniisip na maraming nagagawa - ngunit hindi
- ❑ Gumagawa ng mga delikadong bagay kahit na may maaaring mangyari na masamâ

Bipolar-Depression (Low)

- ❑ Nalulungkot o nalulumbay
- ❑ Walang pakialam sa mga bagay na nagustuhan mo dati
- ❑ Mas marami o mas kaunti ang kinakain
- ❑ Pagod
- ❑ Ninenerbiyos
- ❑ Hindi makapag-isip o hindi makapag-desisyon
- ❑ Nararamdamang ikaw ay masamâ o walang gaanong kuwenta
- ❑ Sobra o masyadong kaunti ang tulog
- ❑ Pinag-iisipan ang kamatayan o ang pagpapakamatay

Maaaring magkaroon ka ng mga panahon ng mania at depression sa iyong buhay. Ngunit maaaring pamahalaan ang iyong mga sintomas sa pagpapagamot. Mahalaga ang patuloy na inumin ang iyong gamot kahit na mas mabuti ang iyong pakiramdam.

© 2006 The GlaxoSmithKline Group of Companies All rights reserved Printed in USA. MCM058R0_Tag February 2006